



*Sistema ng proteksyon at pagtataguyod ng California  
Libreng tawag (800) 776-5746*

# Pagkuha ng Teknolohiyang Pantulong sa Pamamagitan ng Paaralan ng Inyong Anak

*Septyembre 2015, Lat. #5577.08 - Tagalog*

## **1. Ano ang teknolohiyang pantulong (assistive technology) sa espesyal na edukasyon?**

Ang teknolohiyang pantulong ay dalawang beses inilarawan ng mga Pederal na batas sa espesyal na edukasyon. Ito ay ispesipikong inilarawan ng IDEYA bilang “anumang bagay, piraso ng kagamitan, o sistema ng produkto, kahit pa ito ay komersyal na nakuha, binago, o iniayon ang paggamit, na ginagamit upang pataasin, panatilihin, o pagbutihin ang kakayahang paggana ng mga batang may kapansanan.” 20 Kodigo ng Estados Unidos (U.S.C., United States Code) §1401(1). Ang mga alinsunod na regulasyon ay tumutukoy sa teknolohiyang pantulong bilang anumang mga kagamitan o serbisyo na kailangan ng inyong anak upang makinabang sa kanyang mga espesyal na edukasyon o kaugnay na mga serbisyo; o magpahintulot sa inyong anak na makatanggap ng edukasyon sa pinakamababang mahigpit na kapaligiran. 34 Kodigo ng Pederal na Regulasyon (C.F.R., Code of Federal Regulations) §§300.110 & 300.114.

## **2. Sino ang karapat-dapat na makatanggap ng mga serbisyo ng teknolohiyang pantulong?**

Ang mga batang may mga kapansanan at nangangailangan ng mga serbisyong espesyal na edukasyon upang makinabang sa edukasyon ay may karapatan sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo. Kabilang ang teknolohiyang pantulong sa mga kaugnay na serbisyo. Para sa mas detalyadong impormasyon kung ano ang itinuturing na serbisyo na teknolohiyang pantulong, tingnan ang lathala ng Disability Rights California

na manual na *Mga Karapatan at Responsibilidad ng Espesyal na Edukasyon (SERR, Special Education Rights and Responsibilities)* Kabanata 5 *Impormasyon sa mga Kaugnay na Serbisyo (Information on Related Services)* na makikita sa:  
<http://www.disabilityrightsca.org/pubs/504001.pdf>.

### **3. Paano ako hihiling ng teknolohiyang pantulong?**

Maaari kang humiling ng teknolohiyang pantulong sa pamamagitan ng iyong Plano ng Isinariling Edukasyon (IEP, Individual Education Plan) o humiling ng pagtatasa para sa teknolohiyang pantulong. Para sa mas detalyadong impormasyon sa mga pagtatasa, tingnan ang lathala ng Disability Rights California na manual na *Mga Karapatan at Responsibilidad ng Espesyal na Edukasyon (SERR)* Kabanata 2 *Impormasyon sa Pagsusuri/Pagtatasa (Information on Evaluations/Assessments )* na makikita sa:  
<http://www.disabilityrightsca.org/pubs/504001.pdf>.

### **4. Paano ko maisasama ang teknolohiyang pantulong sa IEP ng aking anak?**

Ang iyong anak ay dapat na nangangailangan ng teknolohiyang pantulong upang makinabang sa espesyal na edukasyon. Ang teknolohiyang pantulong ay maaaring maging bahagi ng layunin at mga tunguhin ng iyong anak para sa espesyal na edukasyon. 34 Kodigo ng Pederal na Regulasyon (C.F.R., Code of Federal Regulations) §300.39. Halimbawa, maaaring kailangan ng inyong anak ng kagamitan sa pakikipag-usap upang sumagot sa mga tanong at kausapin ang kanyang guro o kaedaran. Maaaring maging bahagi ito ng kaugnay na mga serbisyo ng teknolohiyang pantulong. 34 C.F.R. §300.34. Maaaring kaugnay na serbisyo ito o magpapahintulot na makinabang ang iyong anak mula sa mga kaugnay na serbisyo. Ang teknolohiyang pantulong ay maaaring dagdag na tulong o serbisyo na magpapahintulot sa iyong anak na mag-aral sa pinakamababang mahigpit na kapaligiran. 34 C.F.R. §§ 300.42 & 300.114(a)(2). Dapat na isaalang-alang ng pangkat ng IEP ang teknolohiyang pantulong na magpapahintulot sa inyong anak na manatili sa isang regular na silid-aralan bago isaalang-alang ang mas mahigpit na kapaligiran.

Inaatas sa pangkat ng IEP na isaalang-alang ang pangangailangan ng bata para sa mga kagamitan at/o serbisyong teknolohiyang pantulong kapag

binubuo ang IEP. 20 U.S.C. §1414(d)(3)(B)(v). Kung ang iyong anak ay isang taong may mga kapansanan sa paningin na nangangailangan ng Braille, dapat na magbigay ang pangkat ng IEP ng tagubilin sa Braille at sa paggamit ng Braille. Ang tanging eksepsyon lamang ay kapag napag-alaman ng pangkat ng IEP, matapos suriin ang kasalukuyan at hinaharap na pangangailangan ng iyong anak, na ang paggamit ng Braille ay hindi angkop para sa iyong anak. 20 U.S.C. § 1414(3)(B)(iii).

**5. Sino ang may-ari ng mga teknolohiyang pantulong na binili ng paaralan para sa isang estudyante?**

Ang kagamitan na binili ng distrito ng paaralan ay pagmamay-ari ng distrito ng paaralan. Ang kagamitan ay mananatili sa distrito ng paaralan kung ang iyong anak ay lumipat sa ibang distrito.

**6. Maaari bang iuwi ng aking anak ang kagamitan na binili ng paaralan?**

Oo. Kung kailangang ng iyong anak ang kagamitan sa bahay upang sumulong tungo sa kanyang mga layunin sa kanilang IEP. Hindi maaaring limitahan ng distrito ang paggamit ng iyong anak sa kagamitan sa paaralan lamang kung kailangan niya ito sa bahay upang makatanggap ng libre, naangkop na pampublikong edukasyon (FAPE, free, appropriate, public education). Kung ang kagamitan ay kailangan para matapos ng iyong anak ang kanyang takdang-aralin o upang magsanay ng kakayahan sa labas ng paaralan, kailangan na nakalagay ito sa kanyang IEP.

**7. Maaari ba akong pilitin ng distrito na pumirma ng pagpapaubaya sa pagkasira at pilitin akong magbayad sa kagamitang nasira?**

Maaaring hilingin ng mga distrito sa mga magulang na pumirma ng limitadong mga pagpapaubaya na nag-aatas sa kanila na palitan ang nawala o nasirang kagamitan, subalit sa mga piling pagkakataon lamang. Hindi maaaring pilitin ng distrito ang magulang na palitan ang teknolohiya na nasira o nawala bilang resulta ng kapansanan ng estudyante at hindi dapat magpanukala ang mga distrito ng mga pagpapaubaya na hihiling sa magulang na palitan ang teknolohiya na nasira o nawala sa normal na kaparaanan ng gamit. Halimbawa, kung ang mas lumang kagamitan ay ginagamit ng estudyante nang naaayon, at ang screen ay hindi gumalaw at hindi na gumana, hindi dapat hilingin ng distrito na palitan ng magulang

ang kagamitan. Dagdag pa, sa mga sitwasyon kung saan ang teknolohiya ay nanakaw nang hindi kasalanan ng estudyante o magulang, hindi dapat managot ang magulang. Kung ang kapansanan ng estudyante ay dahilan upang maging makalilimutin ang estudyante, hindi dapat asahan ng distrito na palitan ng magulang ang kagamitan, sa halip ay gumawa dapat ng plano upang siguruhin na ang kagamitan ay hindi mawawala sa simula pa lang.

Kung magpanukala ang distrito ng pagpapaubaya, dapat na makipagkasundo ang magulang sa mga kondisyon ng pagpapaubaya upang masiguro na ang magulang ay hindi mananagot para sa anumang inaasahang pagkasira.

Maaaring managot ang mga magulang para sa pagkasira o pagkawala na mangyari kung ang teknolohiya ay nasira o nawala habang ginagamit nang wala sa mga paraang nakikinita o inaasahan. Halimbawa, kung ang estudyante ay may computer at nagdownload ng mga software o app na walang kaugnayan sa paaralan, at ang software o app ay naglalaman ng virus, ito ay hindi naaayon na paggamit ng kagamitan at maaaring hilingin ang pagbabalik-bayad sa magulang. Dagdag pa, kung pinahintulutan ng estudyante ang iba (kabilang na ang magulang) na gamitin ang kagamitan at nasira ng indibidwal na iyon ang kagamitan, maaari ring hilingin sa magulang ang pagbabalik-bayad sa distrito .

#### **8. Maaari ba akong pabilihin ng distrito ng paaralan ng kagamitan gamit ang Medi-Cal o pribadong seguro?**

Nasa iyo ang pasya at dapat na boluntaryo ang paggamit ng ibang mga pondong mapagkukunan gaya ng Medi-Cal o pribadong seguro. Hindi ka maaaring pilitin ng distrito ng paaralan na dumanas ng pinansyal na kawalan. Maaaring kabilang sa pinansyal na kawalan ang pagbaba ng makukuhang habang buhay na saklaw ng seguro; pagtaas ng mga premium; pagkakansela ng polisiya; mga gastos sa pagkakaltas na sariling pera; at mga limitasyon sa halaga ng mga serbisyo na maaari mong makuha. Kahit pa magboluntaryo kang gumamit ng ibang mapagkukunan ng bayad, ang distrito ng paaralan ay may obligasyon na magbigay ng lahat ng serbisyong nakalagay sa IEP. Kung hindi saklaw ng ibang mapagkukunan ng pondo ang buong halaga ng kagamitan, dapat na sagutin ng paaralan ang natitirang halaga.

**9. Nagbibigay ba ang distrito ng paaralan ng pagsasanay kung paano gamitin ang kagamitang teknolohiyang pantulong?**

Oo. Dapat na magbigay ang paaralan ng sapat na pagsasanay sa iyong anak, sa iyo, sa ibang mga miyembro ng pamilya, at sa mga kawani ng paaralan upang masiguro ang tamang paggamit ng kagamitan. Ang distrito ng paaralan din ang responsable sa pagbabayad para sa pagsasanay. 20 U.S.C. §1401(2)(E).

**10. Sino ang responsable para sa pagkukumpuni at pagpapanatili ng mga kagamitang teknolohiyang pantulong?**

Ang distrito ng paaralan din ang responsable sa pagkukumpuni at pagpapanatili ng mga kagamitang binili nila. Dapat na talakayin ng mga miyembro ng pangkat ng IEP sa distrito ng paaralan ang pagsasanay, pagkumpuni at pagpapanatili. Dapat na sumang-ayon ang lahat sa kasunduan bago ipatupad ang IEP. Responsibilidad ng distrito ng paaralan na suriin ang kanilang polisiya sa seguro sa ari-arian upang malaman kung saklaw nito ang mga pagkawala o pagkasira sa paaralan at sa tahanan.

**11. Maaari bang gamitin ng distrito ng paaralan ang presyo bilang salik upang malaman kung makakakuha o hindi ang aking anak ng teknolohiyang pantulong?**

Oo, subalit kung ang mas murang kagamitan ay angkop rin lamang. Hindi maaaring maging salik ang presyo kung ang mas murang pagpipilian ay hindi magbibigay sa iyong anak ng akses sa FAPE.

**12. Maaari bang atasan ng distrito ng paaralan ang aking anak na dalhin ang kagamitang teknolohiyang pantulong na binili ko nang pribado?**

Hindi ka maaaring pilitin ng mga paaralan na gamitin ng iyong anak ang kagamitan na pag-aari ng pamilya sa paaralan. Dapat na ibigay ng paaralan ng iyong anak ang kagamitan na sinabi ng pangkat ng IEP na kailangan niya. 34 C.F.R. §300.6(c).

**13. Paano kung tumanggi ang distrito ng paaralan na magbigay ng teknolohiyang pantulong o uri ng teknolohiya na hinihiling ko?**

Maaari ka munang humiling ng pulong na IEP upang talakayin ang mga isyu at subukang lutasin ito nang impormal. Kung ang teknolohiyang pantulong ay napagkasunduan sa IEP at hindi sumusunod ang paaralan, may karapatan kang magsampa ng reklamo sa pagsunod. Kung hindi ka sang-ayon sa panukalang IEP, maaari kang magsampa ng tamang prosesong pagdinig. Para sa mas detalyadong impormasyon tungkol sa pagsasampa ng reklamo, tingnan ang lathala ng Disability Rights California na manual na *Mga Karapatan at Responsibilidad ng Espesyal na Edukasyon (SERR) Kabanata 6 Impormasyon sa Tamang Proseso/Pamamaraan ng Pagsunod (Information on Due Process/Compliance Procedures)* na makikita sa: <http://www.disabilityrightsca.org/pubs/504001.pdf>.

**14. Kung hindi kwalipikado ang anak ko para sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon, maaari ba siyang makakuha ng teknolohiyang pantulong sa pamamagitan ng distrito ng paaralan?**

Maaaring saklaw ang iyong anak sa ilalim ng mga probisyon na laban sa diskriminasyon ng Batas ng mga Amerikanong may Kapansanan (ADA, Americans with Disabilities Act) o Seksyon 504 ng Batas ng Rehabilitasyon (Rehabilitation Act). Maaaring makakuha ang iyong anak ng teknolohiyang pantulong bilang makatwirang kaluwagan sa ilalim ng ADA o bilang bahagi ng responsibilidad ng paaralan na magbigay ng FAPE sa ilalim ng Seksyon 504. Kung ang iyong anak ay gumagamit ng wheelchair, maaaring kailangan niya ng mesang espesyal na idinisenyo para sa silid-aralan. O kung may kapansanan sa pangingin ang iyong anak, maaari siyang mangailangan ng espesyal na monitor ng computer o software para makuha ito.

**15. Maaari bang makakuha ng teknolohiyang pantulong ang aking anak upang makilahok sa bokasyunal na pag-aaral?**

Oo. Lahat ng estudyante ng espesyal na edukasyon ay maaaring makakuha ng mga serbisyo sa paglilipat kabilang ang mga serbisyo sa bokasyunal na pagsasanay. Maaaring kasama sa mga serbisyong ito ang mga kasanayan sa pag-aayos ng katawan, pagsasanay sa panlipunang

kasanayan, at pangkalahatang asal sa trabaho sa silid-aralan, sa pinagtatrabahuhan, at sa komunidad. 34 C.F.R. §300.43. Maaaring kabilang sa pangkaraniwang teknolohiyang pantulong upang baguhin ang mga serbisyo sa pagsasanay ang naaabot na mesa, mga nagsasalitang terminal ng computer, o mga senyas ng tunog o ilaw. Kung kailangan ng anak mo ang mga pagbabagong ito, dapat na nakalagay sa IEP ito.

*Ang Disability Rights California ay pinopondohan ng iba't ibang mga pinagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.*